

Gabay sa ParentConnect para sa MAP Growth



Ano ang MAP Growth?

Ang MAP Growth ay isang benchmark na pagtatasa na kinakailangan ng estado ng Alaska para sa mga mag-aaral na nasa mga grade 3-9 bilang bahagi ng Alaska System of Academic Readiness (AK STAR) at pinangangasiwaan sa taglagas at taglamig bilang kumpletong benchmark na pagtatasa sa matematika at pagbabasa. Sa tagsibol, ang MAP Growth ay isang pinagsamang bahagi ng AK STAR English Language Arts o Sining ng Wikang Ingles at mga pagtatasa sa matematika upang magbigay ng parehong mga resulta ng AK STAR at MAP Growth. Ang layunin ng MAP Growth ay upang sukatin ang pag-unlad tungo sa pagtugon sa mga pamantayan at sukatin ang paglago sa isang pagpapatuloy ng pag-aaral.

Halimbawa ng Ulat ng MAP Growth sa ParentConnect

Ipinapakita ng sample na ulat kung ano ang anyo ng mga resulta ng MAP Growth sa Q ParentConnect. Ang impormasyong kasunod ay nagbibigay ng paliwanag kung ano ang ibig sabihin ng bawat pamagat. Pakiusap na makipag-ugnayan sa punong-guro, guro o tagapayo ng iyong anak para sa karagdagang suporta sa mga resulta ng MAP Growth.

For help understanding MAP results, please reference the ASD MAP Growth Results Parent Connect Guide.

MAP Results									
Term	Date Taken	Grade	Test	RIT Achievement Descriptor	Achievement Percentile	Growth Window	Growth Descriptor	Growth Percentile	Duration
Spring 2023-2024	03/28/24	4	Overall - Math 2-5	208 Average	46	Fall-Spring	High Average	73	203 m
		4	SubTest - Mathematics - Geometry	203 Low Average					
		4	SubTest - Mathematics - Measurement and Data	205 Low Average					
		4	SubTest - Mathematics - Number and Operations	217 High Average					
		4	SubTest - Mathematics - Operations and Algebraic Thinking	207 Average					

Term: Panahon- Taglagas, Taglamig o Tagsibol

Date Taken: Petsa kung kailan kinuha ng mag-aaral ang pagtatasa sa panahon ng taglagas, taglamig o tagsibol

Grade: Antas ng grado ng mag-aaral sa araw ng pagsusulit

Test: Pangalan ng Content area - Pangkalahatan na may Saklaw ng Antas ng Grado at SubTest

- **Overall:** Pagbasa, Matematika (lahat **ng Panahon**) o **Paggamit ng Wika** (tagsibol lamang)
- **SubTest:** Lugar ng Pagtuturo - nag-iiba ayon sa antas ng baitang at content area

RIT: Achievement Scale Score (Iskor ng Sukat ng Tagumpay)

Achievement Descriptor: Pagganap ng mag-aaral bilang isang paglalarawan para sa ibinigay **na Termino**; ginamit upang ihambing sa iba pang mga mag-aaral sa US na may parehong grado

- **Overall:** Tagapaglarawan ng Tagumpay at color code
- **SubTest:** Tagapaglarawan ng tagumpay

Achievement Percentile - Overall: Pagganap ng mag-aaral bilang isang nakabase sa porsyento (percentile) na pagrarrango para sa ibinigay na **Termino**; ginamit upang ihambing sa iba pang mga mag-aaral sa US na may parehong grado

- **Halimbawa:** Ang isang mag-aaral na may **Achievement Percentile** na 60, ay nangangahulugan na ang mag-aaral na ito ay nakakuha ng mas mataas na iskor sa 60% ng mga mag-aaral sa buong bansa

Growth Window - Overall: Panahon ng paghahambing ng paglago ng mag-aaral

- Taglagas sa Taglamig o Taglagas sa Tagsibol

Growth Descriptor - Overall: Ang paglago ng isang mag-aaral bilang isang paglalarawan kumpara sa mga growth pattern ng mga katulad na kamag-aral sa loob ng pag-aaral ng pamantayan ng NWEA - magkaparehong grado, simula ng RIT score at mga linggo ng pagtuturo bago ang pagsubok

Growth Percentile - Overall: Ang paglago ng isang mag-aaral bilang batay sa porsyentong ranggo (percentile) kumpara sa mga growth pattern ng mga katulad na kamag-aral sa loob ng pag-aaral sa pamantayan ng NWEA - parehong grado, panimulang iskor ng RIT at mga linggo ng pagtuturo bago ang pagsubok

- **Halimbawa:** Ang isang mag-aaral na may **Growth Percentile** na 60, ay nangangahulugan na ang mag-aaral na ito ay nagpakita ng mas mataas na paglago kaysa sa 60% ng mga mag-aaral sa buong bansa sa panahon ng **Growth Window**

Tagal: Ang haba ng oras, sa ilang minuto, kumuha ng pagsusulit sa MAP Growth ang isang mag-aaral

Para sa karagdagang impormasyon kung aling mga mag-aaral ang sumusubok, mga RIT score, pamantayan, porsyentong ranggo, tagumpay at paglago, pakitingnan ang mga sumusunod na talahanayan sa pahina 2-3 ng Gabay sa Magulang:

- *Table 1: MAP Growth Test Names, Instructional Areas and Grade-Levels Tested*
- *Table 2: RIT Score, Norms and Percentiles**
- *Table 3: Achievement and Growth: Levels, Descriptors and Color Coding*

Table 1: MAP Growth Test Names, Instructional Areas and Grade-Levels Tested

Pangalan ng Pagsusulit sa MAP Growth at Saklaw na Antas ng Baitang	Instructional Area ayon sa Pangalan ng Pagsusulit
Mathematics 2-5	• Measurement and Data • Geometry • Operations at Algebraic Thinking • Numbers and Operations
Mathematics 6+	• Operations at Algebraic Thinking • Geometry • Statistics and Probability • The Real and Complex Number Systems
Reading 2-5 and Reading 6+	• Literary Text • Vocabulary • Informational Text
Language Usage 2-12	• Language: Understand, Edit for Grammar, Usage • Language: Understand, Edit Mechanics • Writing: Plan, Organize, Develop, Revise, Research
Mga Sinubok na Antas ng Grado at Mga Termino	Content Areas

Mga Grade 3-9 - lahat ng mag-aaral kailangan sa taglagas, taglamig at tagsibol	• Pagbasa (lahat ng Termino) • Matematika (lahat ng Termino) • Paggamit ng Wika (tagsibol lamang)
Mga grade 10-12 - sinumang mag-aaral na natukoy na nangangailangan ng Tier II o Tier III na interbensyon kailangan sa taglagas at tagsibol	• Batay sa intervention content area - alinman o pareho ○ Pagbasa ○ Matematika

Table 2: RIT Score, Norms and Percentiles*

RIT Score	Ang MAP Growth ay gumagamit ng RIT (Rasch Unit) scale upang sukatin at ihambing ang akademikong tagumpay at paglago. Ang RIT score ay hindi nakadepende sa edad o grado ng isang mag-aaral at sumasalamin sa antas ng pagtuturo kung saan ang isang mag-aaral ay handang matuto, tumutulong sa mga guro na magplano ng pagtuturo sa isang naaangkop na antas para sa mag-aaral. Ang RIT scale ay sumusukat sa mga antas ng kahirapan sa akademya at umaabot nang pantay-pantay sa lahat ng mga grado, na ginagawang posible na ihambing ang RIT score ng isang mag-aaral sa iba't ibang mga punto sa buong edukasyon ng mag-aaral.
Achievement at Growth Norms*	• MAP Growth Normative Data Overview at Charts - Mga kasalukuyang pamantayan batay sa 2020 Norming Study
Percentile/Percentile Ranking	Ang percentile rank ng isang mag-aaral ay ang porsyento ng mga mag-aaral na may RIT score na mas mababa sa o katumbas ng iskor na ito gaya ng naobserbahan sa pag-aaral ng mga pamantayan ng NWEA. Nagbibigay-daan ito sa isang mag-aaral na maikumpara sa mga katulad na mag-aaral sa buong bansa na kumuha ng MAP Growth sa parehong termino o panahon.

***Ang NWEA ay nag-update ng Pamantayan ng MAP Growth**

- Ang mga datos ng pagtatasang MAP Growth na iniulat sa pamamagitan ng 2024-2025 panuruang taon ay batay sa mga pamantayan ng 2020 MAP Growth.
- Simula sa taglagas ng 2025, lahat ng mga datos ng pagtatasa ng MAP Growth ay magpapakita ng mga bagong pamantayan ng NWEA MAP Growth.

Table 3: Achievement and Growth: Levels, Descriptors and Color Coding**

Mababa	Mababang Katamtaman	Katamtaman	Mataas na Katamtaman	Mataas
<21 %ile	21-40 %ile	41-60 %ile	61-80 %ile	>80 %ile

****Quintiles: Five percentile levels based on NWEA normative data**